# SACRAMENTO COUNTY

## FISCAL NA TAON 2021- 22 BUOD NG BUDGET

**Ipinatupad Setyembre 2021**

Ang layunin ng Buod ng Budget na ito ay para magbigay ng pangkalahatang kabuuang-pananaw ng Fiscal na Taon (FY) na 2021-22 (Hulyo 1, 2021 hanggang Hunyo 30, 2022) na Pinatupad na Budget ng Sacramento County, ipinapakita kung saan nagmula ang pera at kung paano balak ng County na gastusin ito. Ipinapaliwanag din ng buod na ito ang mga pangunahing konsepto at proseso ng budget, mga mahalagang fiscal na usaping hinaharap ng County, at impormasyon kung paano maugnay sa proseso ng budget ng County.

## Saan nagmumula ang pera

***Ang $7.0 billyon sa binalak na paggasta sa panahon ng FY 2021-22 ay mula sa mga sumusunod na pangkalahatang pagkukunan:***

- $5.1 bilyon ng **Hindi-Diskresyonaryo**na pagpopondo kabilang ang mga bayad at singil para sa mga serbisyo at pederal at Estadong pagpopondo na dapat gamitin para sa mga partikular na programa at serbisyo at hindi muling maitatalaga sa mga ibang paggamit

SAAN MAGMUMULA ANG PERA:$7.0 BILYONG BUDGET NG LAHAT NG PONDO
($ Milyon)




- $844 milyon ng **Semi-Diskresyonaryo**na pagpopondo na sa pangkalahatan ay limitado sa mga panlipunang serbisyo at gastos sa pampublikong kaligtasan, na kung saan ang County ay may kaunting diskresyon sa paggamit ng mga pondo
- $978 milyon ng **Diskresyonaryo**na pagpopondo mula sa mga buwis sa ari-arian, buwis sa benta, obang diskresyonaryong kita, at simulang balanse ng pondo sa Pangkalahatang Pondo ng County. Ang County ay may malawak na diskresyon kung paano gagamitin ang pagpopondong ito.

## Saan pupunta ang pera

- Sa $5.1 bilyon, **Mga Pang-operasyong Budget** para sa mga programa at serbisyo ng County ay sumasagot sa pinakamarami sa $7.0 bilyong budget ng County. Mas maraming detalye sa mga pangunahing larangan ng programa ay kasama sa mga sumusunod na seksiyon.

SAAN NAPUPUNTA ANG PERA:$7.0 BILYONG BUDGET NG LAHAT NG PONDO ($ Milyon)




**Hindi pang-operasyon at Mga Ibang Budget,** kasama ang paglipat sa pagitan ng mga pondo, at **Mga Pag-kapital na Budget** na sumasaklaw sa mga proyektong konstruksiyon at pagbili ng kagamitan ang sumasagot sa natitira ng budget ng County.

# Mga Serbisyong Pangkalusugan at Tao

## Mga Departamento

- Coroner
- Mga Serbisyong Suporta sa Bata
- Mga Serbisyo sa Bata, Pamily at Adult
- Pamamahala ng Kapaligiran
- Mga Serbisyong Pangkalusugan
- Tulong sa Tao

## FY 2021-22 Mga Pangunahing Inisyatibo

- Alternatibong emerhensiyang tugon sa mga isyu ng kalusugan ng pag-iisip
- Inisyatibo sa encampment ng walang tirahan
- Dagdag na kapasidad sa Pampublikong Kalusugan
- Karagdagang foster na pag-aalaga at mga unit sa pang-emerhensiyang tugon sa Mga Serbisyong Pamproteksiyon ng Bata







Pang-operasyong Budget

## Ano ang Budget?

Ang budget ay isang taunang plano sa paggasta na nagbibigay ng pahintulot na gumasta ng pera para sa ilang layunin at nagtataguyod ng mga limitasyon kung magkano ang magagasta sa ilang mga kategorya. Ang budget ay ekspresyon ng mga patakaran at priyoridad ng organisasyon, dahil inaalam nito kung gaano itatalaga ang mga limitadong mapagkukunan para magawa ang misyon ng organisasyon.

Sinasaklawan ng budget ng Sacramento County ang fiscal na taong (FY) Hulyo 1 hanggang Hunyo 30 at pinamamahalaan ng mga patakarang nakatalaga sa Batas sa Budget ng County ng Estado at ng Charter ng County. Bilang karagdagan, nalilimita ng batas ng Estado at pederal kung paano ginagasta ng County ang karamihan sa pagpopondong natatanggap nito, kahit na may mga diskresyonaryong fulugang kailangan para matugunan ang mga lokal na inaatas sa pagtugma. Sinasalamin din ng budget ang mga patakaran at priyoridad na naitaguyod ng Lupon ng Mga Superbisor.

## Pampublikong Kaligtasan at Hustisya

### Mga Departamento

- Pangangalaga ng Hayop at Regulasyon
- Mga Tagapagtanggol ng Kasalungatan sa Kriminal
- Abogado ng Distrito
- Mga Pang-emerhensiyang Serbisyo
- Opisina ng Inspektor Heneral
- Probasyon
- Pampublikong Tagapagtanggol
- Sheriff

### FY 2021-22 Mga Pangunahing Inisyatibo

- Pinahusay na pagkakawani sa koreksiyonal para matugunan ang mga obligasyon ng Mays Consent Decree
- Mga camera na suot sa katawan para sa Mga Deputado ng Sheriff
- Mga karagdagang 911 Dispatcher para mapabuti ang oras ng pagtugon Mga programa bago ang pagdinig para sa Probasyon at Pampublikong Tagapagtanggol para suportahan ang mga alternatibo sa pagkakakulong







Pang-operasyong Budget

## Paggamit ng Lupa, Pag-develop at Transportasyon

### Mga Departamento

- Mga Paliparan
- Mga Serbisyo sa Pag-develop at Kodigo
- Pagpaplano at Pagrepaso ng Kapaligiran
- Transportasyon

### FY 2021-22 Mga Pangunahing Inisyatibo

Makabuluhang pamumuhunan sa pagmementina ng kalye ng County

Pag-develop ng apat na master planned na komunidad

Mga pagpapaganda ng Sacramento International Airport







Pang-operasyong Budget

SACRAMENTO COUNTY

## Proseso ng Budget at Timeline

Ang proseso ng taunang budget ng County ay nagsisimula sa Setyembre para sa taon ng budget na simula sa susunod na Hulyo 1. ***Kasama ng mga pangunahing milestone ang:***

- Setyembre-Disyembre: bumubuo ng mga budget ng mga panloob na serbisyo at mga singil
- Enero-Pebrero: Ang mga departamento ay nagtatrabaho sa mga kahilingan sa budget
- Marso: Diskresyonaryong estima sa kita para sa paparating na FY at Gitnang-Taong pagrepaso para sa kasalukuyang FY
- Abril: Nagpapasya ang Ehekutibo ng County sa mga rekomendasyon sa budget
- Mayo: Nirerekomendang dokumento ng Budget na nakumpleto at napalabas
- Hunyo: Mga nirerekomendang pagdinig at pag-apruba ng Budget
- Hulyo: Magsusumite ang mga departamento ng hiniling na pagbabago batay sa mga pagbabago sa budget ng Estado, ibang magagamit na pagpopondo, o kailangang muling pagba-budget; ang mga estima sa kita ay binabago batay sa pinakabagong impormasyon
- Agosto: Binagong Nirerekomendang dokumento ng Budget nakumpleto at pinalabas
- Setyembre: Binagong Nirekomendang Pagdinig sa Budget at pormal na pagpapatupad ng budget



## Pangkalahatang Serbisyo ng Pamahalaan at Suporta

### Mga Departamento

- Lupon ng Mga Superbisor
- Klerk ng Lupon
- Tagapagpayo ng County
- County Executive
- Pananalapi
- Mga Pangkalahatang Ser-bisyo
- Mga Serbisyo sa Tauhan
- Teknolohiya




### FY 2021-22 Mga Pangunahing Inisyatibo

- Bagong sistema ng buwis sa ari-arian
- Pinahusay na pamamahala sa peligro ng cybersecurity at mga kakayahan sa pagtugon




Pang-operasyong Budget

## Mga Pampublikong Utility

### Mga Departamento

- Pamamahala ng Basura at Pagre-resiklo
- Mga Mapagkukunan ng Tubig

### FY 2021-22 Mga Pangunahing Inisyatibo

- Pagpapatupad ng pagreresiklo ng organic na basura (SB 1383)
- Instalasyon ng pipe at metro ng Arden Service Area







Pang-operasyong Budget

## Ekonomikong Pag-unlad

### FY 2021-22 Mga Pangunahing Inisyatibo

- Pag-develop ng Metro Air Park industrial business park







Pang-operasyong Budget

### Mga Tungkulin at Responsibilidad ng Mga Opisyal ng County

Ang bawat Opisyal ng County ay may ibang tungkuling gagampanan sa proseso ng budget:

- Ang **Mga Departamento** ng County ay kumikilala ng mga pangangailangan sa pagpopondo at mga panlabas na kita para sa mga patuloy na programa, magsumite ng mga kahilingan para pondohan ang mga bagong programa, at kilalanin ang mga pagbabawas kung kailangan.
- Ang **Tanggapan ng County Executive** ay sumusuri sa mga kahilingan ng departamento batay sa magagamit na pagpopondo at pag-ayon sa mga patakaran at priyoridad ng County at nirerekomenda ng **County Executive** ang budget sa Lupon ng Mga Superbisor.
- Ang **Lupon ng Mga Superbisor** ay nagtatakda ng mga priyoridad ng budget at ang panghuling awtoridad patungkol sa pag-apruba at pagpapatupad ng budget.

## Mga Panlipunang Serbisyo

### Mga Departamento

- Komisyoner ng Agrikultura –
- Sealer ng Mga Timbang at Panukat
- Assessor
- Klerk/Recorder ng County
- Pagpaparehistro ng Botante at Halalan

### FY 2021-22 Mga Pangunahing Inisyatibo

- Espesyal na gubernatorial recall na halalan
- Muling pagdidistrito ng mga pamamahalang distrito ng County







Pang-operasyong Budget

## Mga Parke, Libangan, Kultura at Edukasyon

### Mga Departamento

- Kooperatibong Ekstensiyon
- Mga Pasilidad sa Aklatan ng County
- Mga Rehiyonal na Parke

### FY 2021–22 Mga Pangunahing Inisyatibo

- Mga pagpapabuti sa mga pasilidad ng parke
- Mga karagdagang park ranger







Pang-operasyong Budget

### Paano Ka Mauugnay

Narito ang ilang mga paraan na mauugnay ka at matuto pa tungkol sa County at budget nito:

- Galugarin ang mga dokumento ng budget ng County at higit pang impormasyon sa proseso ng budget sa: bdm.saccounty.net.
- Mag-apply para manilbihan sa mga lupon ng tagapagpayo ng County. Ang mga oportunidad ay mahahanap sa sccob.saccounty.net/Pages/ BoardsandCommis sions.aspx.
- Sumulat, mag-email, o tawagan sa telepono ang iyong superbisor. Ang impormasyon sa pag-kontak ay mahahanap sa bos.saccounty. net.
- Mag-sign up sa public.govdelivery.com/ accounts/CASACRAM/ subscriber/ new?qsppara makatanggap ng impormasyon tungkol sa budget ng County.

